
## Banghay-Aralin sa Mathematics 1

**May-Akda** **Arjay Custodio**
**Designation** **Grade 1 Teacher**
**Paaralan** **Balas Elementary School**




**I. Layunin**

1. Napakikinggan at nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento.
2. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento.
3. Natutukoy ang mga pangyayari sa kuwento ayon sa wastong pagkakasunod-sunod.
4. Napahahalagahan ang pagtatanim ng mga gulay.

**II. Paksang Aralin**

1. ***Paksa:*** Mga Araw sa Isang Linggo
2. ***Kuwento:*** Ang Kamatis ni Peles (Isinulat ni Virgilio S. Almario at iginuhit ni Renato Gamos)
3. ***Kagamitan:*** Aklat, mga larawan, at plaskard
4. ***Pagpapahalaga:*** Pagiging masipag at matiyaga

**III. Pamamaraan**

**A. Pagganyak**

*(Pagpapakita ng larawan tungkol sa isang mag-anak nanagsisimba sa: (1) simbahan; (2) sumasamba sa moske.)*

1. Mga bata, ano ang masasabi ninyo sa larawan?
2. Ano kaya ang ginagawa ng mag-anak dito sa larawang ito?
3. Kayo rin ba ay nagsisimba/sumasamba katulad nila?
4. Anong araw kayo nagsisimba o sumasamba?

*(Pagpapakita ng larawan tungkol sa mga batang pumapasok sa paaralan.)*

1. Ano naman ang nakikita ninyo sa larawang ito mga bata?
2. Bakit kayo pumupunta sa paaralan?
3. Ano-anong araw kayo pumapasok sa paaralan, mga bata?

**B. Paghawan ng Balakid**

1. Mga bata, gusto ba ninyong makinig ng kuwento?
2. Bago ko simulan ang kuwento, dapat alamin muna natin ang ibig sabihin ng mga sumusunod na salita at parirala.

*(Pagpapakita ng mga salita at parirala na nakasulat sa plaskard, at paglalarawan sa kung ano ang nakikita dito.)*

1. PAGLILIWALIW - pamilyang namamasyal sa parke
2. MAGBUDBOD NG PATABA – ama na naglalagay ng pataba sa mga halaman
3. PUNLA – parehong larawan na may punla
4. SUMUPLING NA SUNGOT – parehong larawan na may bagong tubong halaman
5. MAGBANAT NG BUTO – ama na nangingisda at pagkatapos ay nangunguha ng buko sa mga puno sa paligid

**C. Motive Question**

*(Pagpapakita ng pabalat ng kuwento)*
Mga bata, ano ang nais ninyong malaman sa kuwento?

**D. Pagbibigay ng Pamantayan**

Bago ang lahat, ano ba ang gagawin kapag nagbabasa ng kuwento si Teacher?



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

**E. Pagbasa ng Kuwento**

*(Ipakita ang pabalat ng aklat sa mga bata.)*

1. Mga bata, ano ang nakikita ninyo sa pabalat ng aklat na ito?
2. Kumakain ba kayo ng kamatis?
3. Ano pa ang nakikita ninyo?
4. Nakakita na ba kayo ng tipaklong?
5. Saan madalas makikita ang tipaklong?
6. Tignan muli ang pabalat. Mayroon ba kayong mga katanungan tungkol sa dito? *(Hayaan ang mga batang magbigay ng katanungan. Isulat sa pisara ang tanong ng mga bata.)*
7. May mga katanungan din ako rito sa pisara tungkol sa ating kuwento. Malalaman natin ang kasagutan habang binasa ko ang kuwento. *(Pagpapakita ng mga katanungan na nakasulat sa plaskard hinggil sa kuwento.)*

**F. Pagbasa nang Malakas**

*(Sabihin na ang pamagat ng kuwento ay "Ang Kamatis ni Peles" na isinulat ni Virgilio S. Almario at iginuhit ni Renato Gamos. Habang binabasa ang kuwento, papasok din ang mga tanong ng guro upang malaman kung naunawaan ng mga bata ang kuwento. Gamitin ang Interactive Read Aloud sa pagbasa at pagtalakay ng kuwento. Gagamit din ang guro ng mga salitang Yakan o Tausug sa pagbigkas ng mga araw ng linggo.)*

**G. Pagkatapos Bumasa**

*(Balikan ang mga motive questions at tignan kung masasagot ng mga bata. Talakayin ang dalawa o tatlong katanungan ng mga bata na isnulat sa pisara. Hayaan ang mga batang magtalakay at magbigay ng kanilang saloobin.)*

**Discussion Guide**

a. Ano ang masasabi ninyo sa mga paraang ginawa ni Peles para tumubo ang kamatis?
b. Ano nga kaya ang sikreto para mapatubo nang maayos ang tanim o halaman?
c. Ano ang masasabi ninyo sa mga umaawit sa mga halaman habang inaalagaan ito? Makakatotohanan kaya na tutubo ang mga halaman dahil dito?
d. Kung ikaw ay may nais makamit, alin ang mas mahalaga—ang sipag o paniniwala sa suwerte?
e. Bakit marami ang naniniwala sa suwerte?
f. Nakaranas na ba kayo ng suwerte o ang lahat ng gawain ay dahil sa sipag at tiyaga?

**H. Pangkatang –Gawain**

*(Paggamit ng Learning Centers. Ipagawa ang mga sumusunod na pangkatang-gawain upang matulungan ang mga batang higit na maunawaan ang kuwento.)*

1. ART CENTER – Iguhit at kulayan ang mga hinog na kamatis ni Peles.
2. MATH CENTER – Balikan ang kuwento at bilangin ang mga kamatis na nakuha ni Peles sa unang pitong araw; sagutin ang problem solving exercise.
3. HEALTH CENTER – Mag-isa-isa ng mga mabubuting idudulot ng pagkain ng gulay. Isulat ang sagot sa Manila paper.
4. WRITING CENTER – Ano ang nais mong sabihin kay Peles upang hindi na siya maging isang tamad na tipaklong? Isulat ito sa pamamagitan ng isang liham.

**I. Paglalapat**

1. Ano ang itinanim ni Peles?
2. Bakit kailangan nating magtanim ng kamatis o iba pang mga gulay?
3. Ano ang kahalagahan ng pagtatanim?

**IV. Pagpapahalaga**

1. Anong katangian ang dapat mayroon ang bawat isa upang maisagawa ang mga nais gawin?
2. Anong ugali ang dapat baguhin ni Peles?

**V. Takdang Aralin**

Day 1 – Isulat ang mga araw na nabanggit sa kuwento.
Day 2 – Natutukoy at nasusunod-sunod ang mga araw sa isang linggo.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

Day 3 – Naibabahagi sa klase ang mga gawaing ginagawa sa bawat araw ng linggo.
Day 4 – Naisusulat nang wasto ang mga araw sa isang linggo.
Day 5 – Nakapagpapakita ng isang masayang dula-dulaan hinggil sa isang pangyayari sa kuwento.

**C. Selection**

**I**sinulat ni Virgilio S. Almario
Iginuhit ni Renato Gamos

Matututuhan ng mga mambabasa ang mga araw ng linggo habang sinasamahan nila si Peles, isang tamad na tipaklong, sa pagtatanim ng kamatis. Araw-araw, hinihintay ni Peles na tumubo ang kaniyang mga binhi hanggang ang mga ito'y maging mapupula't mabibilog na prutas! (Mula sa www.adarna.com.ph)



Copyright © 2017 by Ayala Foundation